ANGEL OF THE HOLY SPIRIT ACADEMY
FILIPINO 6
Pagbibigay ng Reaksiyon o Opinyon

Ano ang magiging reaksiyon mo sa sumusunod na mga sitwasyon? Isulat ang sagot sa nakalaang kahon.

1. Nagtitimpla ka ng juice. Iinumin mo na nang tumunog ang telepono. Nang ika'y bumalik, nakita mong iniinom na ng bunso mong kapatid ang iyong juice.

2. Gustong-gusto mo ang polong regalo sa iyo ng ninang mo. Isang beses mo pa lang iyon naisusuot nang mahawakan iyon ng ibang kulay mula sa mga damit na kasabay nilabhan ng iyong labandera.

3. Bukambibig ng iyong kaklaseng si Analyn ang madalas niyang pagpapalit ng cellphone. Kailangan daw na mayroon kaagad siya ng pinakabagong modelo. Pinapaaral lamang siya ng kaniyang kapatid dahil ulila na sila.

4. Sabik na sabik ka sa pagdating ng iyong kaarawan. Iyon kasi ang pagkakataong makahihiling ka ng ano mang gusto mo. Subalit isang araw bago ang iyong kaarawan, naaksidente habang nagbibisikleta ang iyong kapatid.

5. Bawal pumasok sa inyong silid-aralan na may dalang cellphone. Hindi mo alam na sa iyong bag inilagay ng iyong kapatid nang utusan mo siyang ipasok sa silid ang iyong cellphone. Nakita iyon ng iyong kamag-aral at handa na siyang isumbong ka sa inyong guro.

LIVEWORKSHEETS